
# Makakuha ng tulong sa iyong mga gastos sa Medicare

This is an Official U.S. Government Product

PAANO MAGSIMULA





## Mga programa na makakatulong sa iyo na makatipid

# PAANO MAKAKATULONG SA IYO ANG MGA PROGRAMA NG ESTADO NA MAKATIPID

## MAGSIMULA TAYO

Maaaring kwalipikado kang makakuha ng tulong upang bayaran ang iyong Medicare Part A (Hospital Insurance) at/o Medicare Part B (Medical Insurance) premiums. Ang mga estado ay may mga programa na makakatulong sa pagbayad ng iyong mga gastos sa Medicare (tulad ng mga premium, mga deductible, at coinsurance).

### May apat na Medicare Savings Programs:

- Qualified Medicare Beneficiary (**QMB**)
- Specified Low-Income Medicare Beneficiary (**SLMB**)
- Qualifying Individual (**QI**)
- Qualified Disabled & Working Individuals (**QDWI**)

Kung kwalipikado ka para sa QMB, SLMB, o QI, awtomatiko kang kwalipikado para sa Karagdagang Tulong sa pagbayad ng mga gastos ng coverage ng Medicare para sa de-resetang gamot.

## TATLONG MAHALAGANG KATANUNGAN

Kung sinagot mo ng "oo" ang tatlong katanungang ito, dapat kang mag-aplay para sa tulong sa pagbayad ng iyong mga gastos sa Medicare:

1. **Mayroon ka bang Medicare Part A, na tinatawag ding hospital insurance?** Kung hindi ka sigurado, tingnan ang iyong red, white, at blue na Medicare card, o tawagan ang Social Security sa 1-800-772-1213. Ang mga tagagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778.

2. **Ang iyo bang kinikita (para sa 2011) ay nasa o mas mababâ sa mga income limit na nakalista sa ibabâ?**

| Medicare Savings Program | Buwanang Income Limit Para sa Bawat Tao* | Buwanang Income Limit para sa Mag-asawa* | Nakakatulong sa Pagbayad ng Iyong |
|---|---|---|---|
| QMB | $ 928,00 | $ 1 246,00 | Part A at Part B premiums, at ibang cost-sharing (tulad ng deductibles, coinsurance, at copayments) |
| SLMB | $ 1 109,00 | $ 1 491,00 | Part B premiums lamang |
| QI | $ 1 246,00 | $ 1 675,00 | Part B premiums lamang |
| QDWI | $ 3 715,00 | $ 4 989,00 | Part A premiums lamang |

3. **Limitado ba ang iyong resources?** Ang resource limit para sa mga programang QMB, SLMB, at QI ay $6,680 para sa isang tao at $10,020 para sa mag-asawa. Para sa programang QDWI, ang resource limit ay $4,000 para sa isang tao at $6,000 para sa mag-asawa. Kasama sa mabibilang na resources ang pera sa isang checking o savings account, stocks, at bonds. Kapag binibilang mo ang iyong resources, huwag isama ang iyong bahay, isang sasakyan, lupa para sa libingan, hanggang $1,500 para sa gastos sa paglibing, kung nagtabi ka ng pera para dito, furniture, o iba pang mga kasangkapan at mga personal na bagay.

* Kung may kinikita ka mula sa pagtratrabaho, maaaring kwalipikado ka para sa mga benefits na ito kahit na ang iyong kinikita ay mas mataas kaysa sa limits na iyon. Ang pagkalkula sa iyong kinikita at resources ay naiiba sa iba't-ibang mga estado, kaya maaaring kwalipikado ka sa iyong estado kahit na sa palagay mo'y lumampas ka sa mga limit na ito. Ang mga limit ay medyo mas mataas sa Alaska at Hawaii. Ang ilang mga estado ay may mas mataas na resource levels o hindi nila sinasama ang resources. Magtanong sa iyong estado para sa karagdagang impormasyon.

## TUMAWAG PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Mahalaga ang tumawag o punan ang isang aplikasyon kung sa palagay mo'y kwalipikado kang makatipid, kahit na ang iyong kinikita o resources ay mas mataas kaysa sa mga halaga na nakalista sa publikasyon na ito.

### Malalaman mo lamang kung ikaw ay kwalipikado kung ikaw ay nag-aplay.

Tawagan ang iyong Medicaid office upang malaman kung ikaw ay kwalipikado. Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) upang makuha ang kanilang telepono. Ang mga tagagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048. O kaya'y bisitahin ang www.medicare.gov/contacts.

## CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

## SAAN AKO MAAARING MAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Tumawag sa1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) at tanungin kung paano makakuha ng tulong sa pagbayad ng iyong mga Medicare premium. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

CMS Publikasyon Blg. 10126-T (Tagalog)
Binago noong Marso 2011